

Introduction to Biblical Christian Worldview ©

Conrad Jun Tolosa

Revised August 23, 2021

600. Christian Politics

601. Ultimate Authority

Ang politica ay agham ng gobyerno. Ito ay tungkol sa awtoridad, pamamahala, kapangyarihan at pagsasakop sa mga taong namumuhay sa mga bansa, lipunan, munisipyo at barangay.

Ang soberenidad ng Diyos ang namamahala sa buong sansinukob sa pamamagitan ng Kanyang probidensya. Ang Diyos ay may walang hanggang kapangyarihan, kaalaman, at presensya. Alam Niya ang puno't dulo ng lahat ng bagay at pangyayari. Walang mangyayari sa sansinukob na walang pahintulot ang Panginoong Diyos.

Bago umakyat si Cristo matapos ang Kanyang misyon, sinabi Niya sa Kanyang mga disipulo na lahat ng kapangyarihan sa langit at sa lupa ay ibinigay na sa Kanya ng Kanyang Ama (Matthew 28:18). Si Cristo ang Hari ng mga hari, at Panginoon ng mga panginoon.

Mahalaga na ating tandaan na ang awtoridad na mayroon ang Panginoong Jesus ay ibinigay sa Kanya ng Diyos sapagkat mayroong isa pang uri ng awtoridad na dapat nating bigyan ng pansin. Ito ay yaong awtoridad na dinaan sa pang-aagaw.

Tinangkang agawin ng isang batikang anghel na tinaguriang Lucifer ang pamamahala ng kalangitan mula sa Panginoong Diyos. Hindi siya nagtagumpay. Siya at ang mga sumaping anghel sa kanya ay tinalo ng hukbo ni Michael, ang kampeon ng Diyos. Subalit sa lupa, kung saan si Lucifer at ang kanyang mga kampon ay itinaon mula sa langit, siya ay nagtagumpay na agawin ang pamamahala ng mundo mula sa tao. Ang tao ang pinagkalooban ng Panginoong Diyos ng awtoridad na pamahalaan ang buong lupain sa mundo.

Mapapansin natin ang kaibahan ng dalawang kuwentong ito. Si Lucifer ay nagtangkang mang-agaw ng kapangyarihan, samantalang si Cristo ay naghintay na pagkalooban nito.

Sa kasalukuyan si Lucifer ay kilala na sa pangalang Satanas. Napabagsak niya ang tao sa kasalanan nang tuksuin niya ito na maging katulad niya na parang diyos, na alam ang mabuti at masama. Dahil sa pagkakasala, napailalim ang tao sa kapangyarihan ng kamatayan at sa kapangyarihan ng kanyang naging makasalanang kalikasan. At dahil sa kasalanan ng tao, pati ang lupa, na dapat sana niyang pamamahalaan, ay isinumpa ng Diyos. Samakatuwid, ang simula ng kasamaan at pagdurusa sa mundo ay ang pagkakahulog ng tao sa kasalanan.

Ang tanong ng karamihang tao na hindi kumikilala sa kapangyarihan ng Diyos ay ito: *Kung mayroong mapagmahal na Diyos, bakit pinababayaan Niya na marami ang nagdurusa sa mundo? Bakit maraming karimlan ang nangyayari sa ating kapaligiran?*

Noon, maraming mga opisyal ng military ang nagtangkang agawin kay Presidente Aquino ang pamamahala ng gobyerno. Silang lahat ay nabigo. Samantala, mayroong naghintay na ang People Power ang magluklok sa kanila sa Malacanang. Ang military coup sa demokrasya ay hindi sang-ayon sa kalooban ng Diyos. Ang tungkulin ng Philippine Military ay ang pairalin ang kalooban ng nagkakaisang bayan sa panahon ng krisis. Si Satanas ay patuloy na ginagamit ng Diyos para sa katuparan din ng Kanyang kalooban - - tulad ng pagiging presidente nina Aquino at Arroyo.

Like Satan, ang mga rebeldeng tao will always refuse to recognize the authority of God over His creation by denying His existence. Ayaw aminin ng mga rebelde na ang kasalanan ng tao ang dapat nilang sisihin at hindi ang Diyos.

Subalit, bakit nga ba pinababayaan ng Diyos ang patuloy na paghahari ng karimlan at paglaganap ng pagdurusa sa mundo?

Sa aklat ni Job, matutunghayan natin ang isang pag-uusap ng Diyos at ni Satanas kung kailan noon ay minungkahi ni Satanas sa Panginoong Diyos na kung aalisin Niya ang Kanyang protection at pagpapala kay Job, tiyak na Siya ay isusumpa ni Job. Pinayagan ng Diyos na maranasan ni Job ang katakot-takot na pagdurusa mula sa kamay ng diablo. Subalit sa huli, ang sabi ni Job ay ito: Patayin man ako ng Diyos, sa Kanya pa rin ako magtitiwala.

Ilang bagay ang pinatutunayan ng kasaysayang ito: Una, mayroong mga tao na tunay ang pagmamahal at pagtitiwala sa Diyos kahit sila man ay hinahayaang dumanas ng pagdurusa. Ikalawa, may kapaliwanagan ang lahat ng masamang nangyayari sa buhay at sa mundo. Ikatlo, ang diablo ay nananatiling nakapailalim sa kapangyarihan ng Panginoong Diyos.

Ang sinasabi sa Deuteronomy 29:29 ay ito: Ang mga secretong bagay ay pag-aari ng ating Panginoon Diyos, ngunit ang mga bagay na nahayag ay sa atin.

Ibig sabihin nasasa Diyos kung ang mga pangyayaring hindi natin maunawaan ng lubusan ay bibigyan Niya ng liwanag o hindi.

Subalit ang maliwanag ay ito: Ang lahat ay sakop ng awtoridad at ang pinakamataas na awtoridad ay taglay ng Panginoong Jesu Cristo, ang Hari ng mga hari, at Panginoon ng mga panginoon.

Ang tanong ngayon ay ito: 1) Sino ang may awtoridad sa tahanan? 2) Sino ang may awtoridad sa church? 3) Sino ang may awtoridad sa lipunan?

Ang mga kasagutan sa mga tanong na ito ang magiging paksa ng mga susunod nating pag-aaralan.

602. Magulang

Ang magulang ang may awtoridad sa tahanan. Kasama ng awtoridad na ito ay ang malaking responsibilidad. Ang mga magulang ay inatasang palakihin ang kanilang mga anak sa disiplina at turo ng Panginoon. Tungkulin ng mga magulang ang pasunurin ang kanilang mga anak.

Sa aklat ng Kawikaan, sinasabi ang mga sumusunod:

- Ang hindi gumagamit ng yantok sa anak ay hindi nagmamahal sa kanya, subalit ang mapagmahal na magulang ay nagdidisiplina (13:24).

- Disiplinahin ang bata para magkaroon ng pagasa; huwag padamay sa mga masisisi sa kanyang kamatayan (19:18).
- Sanayin ang bata sa landas na dapat lakaran, at pagtanda niya hindi niya ito tatalikdan (22:6).
- Ang kalokohan ay nakapaloob sa puso ng bata, ang yantok ang makakatanggal nito (22:15).
- Disiplinahin mo ang iyong anak at bibigyan ka niya ng katahimikan; kasiyahan ng kaluluwa ang dadalhin niya sa iyo (29:17).

Sa Colossians 3:21 naman nakasulat para sa ama na huwag niyang galitin ng sobra ang anak upang ito ay hindi manlugmok.

Sa Deuteronomy 6:4-9, inutos ng Diyos sa mga ama ng tahanan ng Israel na dapat isapuso at ipako sa isipan ng kanilang mga anak ang mga alituntunin ng Diyos. Pag-usapan nila ang mga ito habang sila ay nakaupo sa bahay at kapag sila ay naglalakad sa kalye, kapag sila ay nahihimlay at kapag bumabangon. Samakatuwid, sa lahat ng oras ay dapat tinuturuan ng ama ang anak tungkol sa kalooban ng Diyos.

Ang tanong ay ito: Ano ang bunga ng hindi pagdidisiplina ng anak?

Palibhasa disciplinary ang tatay ko kaya hindi ko masikmura kapag nakakakita ako sa mall ng isang bata na hindi masuheto ng magulang. Minsan nakita ko sa SM ang ginawang pagbabanta ng magulang subalit hindi niya nakayang pasunurin ang naglulupasay at nagsisisigaw na bata. Para bang gusto ko nang makialam. Nasabi ko na lamang sa aking sarili na ang bata ring iyon ang kawawa paglaki niya. Siguradong walang matuwid na direksyon ang takbo ng kanyang buhay at hindi niya makakaya ang mga daranasin niyang pagsubok. Tinuturo sa Galatians 6:7 na aanihin natin kung ano ang ating itinatanim.

Dahil sa kahalagahan ng pagdidisiplina ng mga anak habang bata pa, may utos din ang Diyos sa kanila. Sa Ephesians 6:1-3 at Colossians 3:20 nakasulat para sa mga bata na dapat nilang sundin ang kanilang mga magulang sa lahat ng bagay alang-alang sa Panginoon, sapagkat ito ang nararapat at kalugod-lugod sa Kanya.

Sa ating panahon, apat ang malalakas na threats na kinakaharap ng ating mga kabataan:

- 1) Premarital Sex. Sobrang mapupusok na ang mga kabataan sa ngayon. Ito ang dahilan kung bakit pataas ng pataas ang premarital sex rate na nauwi sa teenage pregnancies dito sa ating bansa. Ang mga teenagers na nabubuntis taon-taon ay lampa 200,000 na.

Wala na ba talagang pinakikinggan ang mga kabataan ngayon? Ang kanilang sinusunod ba ay pakiramdam na lamang?

Sa halip na mamalagi at tumulong sa mga gawaing-bahay, magbasa, o mag-aral, gugustuhin pa nilang maglakuwacha, magpunta sa internet shop para maglaro ng on-line games, mag-Facebook o makipag-on-line chat. Dito sila nakakaramdam ng kasiyahan. Hindi na mahalaga kung ang ginagawa nila ay tama o mali, mabuti o masama. Wala nang isip-isip. Sige na lang nang sige. Kaya naman ngayon, walang pakundangan kung magsalita at kumilos ang mga kabataan.

- 2) Droga. Doce or trece anyos pa lamang ay makikita na ang ilan sa ating mga kabataan ay naninigarilyo, umiinom ng alak, humihithit ng marijuana o sumisinghot ng glue. Sa halip na maging high sa pag-aaral, sila ay nagpapaka-high sa iba't ibang uri ng ipinagbabawal na nakaka-addict na bagay.

Ang kabataan na nasasangkot sa paggamit ng illegal drugs kadalasan ay napre-pressure lamang ng mga kakilala dahil sa pagnanasa na makamtan ang paghanga o pakikisama ng isang grupo. Ang mga kulang sa pansin ay madaling masilo ng taktikang ito.

- 3) Sugal. Ang pagsusugal ay maaaring humantong din sa addiction tulad ng sigarilyo at alak. Ang pinakapopular na sugal sa Pilipinas ay jueteng. Dahil maliit lamang ang taya, bata, matanda, lalaki, babae, ang lahat ay gustong tumama para maging one-day-millionaire. Kaya, sige-sige lang ang taya.
- 4) Masamang barkada. Sinasabi sa Bibliya na, *Bad company corrupts good character* (1 Corinthians 15:33). Nagbunga ito ng kasabihang, *Tell me who your friends are, and I will tell you who you are*. Kung sino ang barkada mo, ganoon ka. Dito lumalabas ang kahalagahan ng mabuting sambahayan, kung saan habang lumalaki at nagkaka-isip ang mga kabataan ay nakararanas ng suporta sa iba. Sila rin ay natututong maglaan ng suporta sa kanilang mga kasamahan. Ang mga magkakapatid at magpipinsan na lumalaking magkakaibigan ay nalalayo sa masasamang barkadahan.

Walang laban ang mga kabataang Pilipino sa mga threats na ito kung hindi sila matuturuan ng salita ng Diyos.

603. Iglesia

Ang itinalaga ni Cristo na mamahala sa iglesia-lokal ay mga elders. Bagamat hindi nakalista nang sunod-sunod ang mga responsibilidad ng mga ito, mayroong apat na tungkulin ang maliwanag na binabanggit sa Banal na Kasulatan:

- a) Ang pagpapakain sa kawan,
- b) ang pagkalinga sa kawan,
- c) ang pangangasiwa ng pamumuhay ng iglesia, at
- d) ang pagbibigay tanod sa kawan.

May dalawang general categories ang mga pastor ng Panginoon: ang para sa pang-malawakang church (Ephesians 4:11-16) at ang pang-local church. Ang para sa local na iglesia, ang mga pastor o elders ay nahahati rin sa dalawang clase: 1) ang ina-appoint ng existing church authority tulad ni Paul at Barnabas, at later ni Titus, at 2) yaong mga nagnanais na maging elders and later on confirmed by a body of elders. (Acts 14:23; Titus 1:5; 1 Timothy 3:1, 4:14)

Mabigat ang mga tungkulin ng mga elders na ito, kaya dapat pakahigpitan ang paghahanda at pagpili sa kanila. Sa kanyang liham kay Timothy at Titus, itinala ni Apostol Pablo ang mga katangian at kakayahan na dapat taglay ng isang elder. Ang mga ito ay maisa-summarize natin sa limang categorya: Ang isang elder ay 1) mabuting asawa, 2) mabuting ama, 3) mahusay magturo, 4) mahusay na manager, at 5) mahusay sa pagsasalansan ng salita ng Diyos.

Ang sabi-sabi sa mga iglesia sa ating panahon ay ito: Kung susundin natin ang lahat ng kuwalipikasyon na nakasulat sa Bagong Tipan, walang lalabas na karapat-dapat maging elder. Ang resulta ng pangangatuwirang ito ay ang pagtatatag ng mga elders na kulang sa kakayahan at paghahanda. Hindi dapat balewalain ang mga pahayag ni Apostol Pablo bilang sukatan kung sino ang pupuwedeng magiging Elder. Napakahalaga na ang mga elders na namumuno sa mga iglesia-local ay may tunay na kakayahan sapagkat sa kanilang mga kamay nakasalalay ang paglago ng buhay espirituwal ng mga mananampalataya at pagpapatupad ng *Great Commission*.

Ang tanong ay ito: *Paano malalaman ng isang congregation na ang isang lalaki ay tinatawag na pastor?*

Sinasalaysay sa John 21:15-17 na matapos na sila ay kumain, tinanong ng Panginoong Jesus si Pedro kung ang kanyang pagmamahal sa kanya ay higit pa kaysa sa pagmamahal ng kanyang mga kasama. *Oo, Panginoon*, ang sagot ni Pedro. *Feed my lambs*, ang tugon naman ni Cristo, na muling nagtanong. *Pedro, tunay ba ang pagmamahal mo sa Akin?* Agad namang sumagot muli si Pedro, *Oo, Panginoon, alam mong mahal kita. Take care of my sheep*, ang sabi ng Panginoon. Nagtanong muli si Jesus nang ikatlong beses, *Mahal mo ba Ako?* Sa pagkakataong ito ay nasaktan ang damdamin ng disipulo. *Panginoon, alam mo ang lahat ng bagay, alam mo na mahal kita*, ang pilit ni Pedro. *Feed my sheep*, ang muling habilin ni Cristo.

Kapag kinonsider natin ang conversation na ito - between the Lord and Peter - at sina-alang-alang natin ang list of qualities and abilities na binanggit kanina at ang kanyang pagkilos sa loob at labas ng iglesia, maipipinta natin ang isang lalaki na iginuhit para sa pagpa-pastor.

Siya ay yaong tao na 1) mayroong malalim na pagmamahal kay Cristo, 2) may tiwala sa Diyos kaya handang maghirap alang-alang sa kanyang mga tupa, 3) may pagpapatuloy sa pag-aaral ng salita ng Diyos, 4) kapuna-puna ang kanyang kasiglahan, kakayahan at availability sa pagtuturo sa Sunday school or sa anumang outreach setting.

Ang mga kalalakihan na pinagkalooban ng titulong elder subalit kapos sa nararapat na mga qualities at abilities ay hindi magiging epektibo sa gawaing ito at maaari pang makahadlang sa paglago ng congregasyon.

604. Estado

Sinasabi ni Apostol Pablo na ang bawat tao ay dapat pasakop sa mga namamahala sapagkat walang gobyerno na hindi itinatag ng Diyos. Kaya nga, ang lumalaban sa pamahalaan ay lumalaban sa itinatag ng Diyos. Ang mga gumagawa ng mabuti ay walang dapat ipangamba sa gobyerno. Subalit ang gumagawa ng masama ay dapat matakot dahil ang gobyerno ay inarman upang sila ay parusahan (Romans 13:1-4).

Ang tanong ay ito: Kailan nagiging makatarungan ang pagpapatalsik ng mga namumuno sa gobyerno?

Sinasabi sa Genesis 6:5 na nakita ng Diyos na labis ang karahasan at kapusukan ng mga tao at wala na silang ibang iniisip kundi kasamaan lamang. Ang tawag sa kalagayan ng lipunan kapag wala nang sumusunod sa batas ay *Anarkiya*. Inilalagay ng mga mamamayan ang batas sa sarili nilang mga kamay. Ating tandaan na mayroong dalawang uri ng awtoridad – yaong ipinagkaloob at yaong inagaw.

Pinagkaloob ni Cristo sa gobyerno-sibil ang pangangasiwa at pamamalakad ng kabuhayan ng mga mamamayan upang ang lipunan ay makapamuhay ng matahimik at ng may kabanalan (1 Timothy 2:2). Subalit huwag nating kalilimutan ang sinabi ni Apostol Pedro sa Acts 5:29 na kailangan nating sundin ang Diyos at hindi ang tao, at huwag din nating kalilimutan na kung ang Diyos ang nagtatag ng kapangyarihan, Siya rin ang magpapabagsak nito.

Kapag ang kalagayan ng bayan ay nahahalintulad na sa anarkiya kung saan ang batas ng bayan ay salungat na sa batas ng Diyos, kailangan na patalsikin ng mga mamamayan ang mga namumuno sa gobyerno sa paraang walang karahasan. Humahantong sa kalagayang ito ang isang bansa kapag ang

kanyang mga mamamayan mismo ang walang pagsunod sa batas ng Diyos. Sila ay wala ng pakialam sa kalagayan ng isa't isa at ang laman ng kanilang isipan ay puro pagkita ng pera na lamang.

Nakakalungkot na sa Pilipinas, maski sino na lamang ay tumatakbong pagka-presidente o senador. Kahit na yaong mga wala namang karanasan o kakayahan ay ibinoboto ng madla dahil lamang sa kanyang katanyagan, kayamanan o kagandahang lalaki. Dapat maging maingat ang mga Pinoy sa pagpili ng kandidatong iboboto. Hindi dapat isipin na magkamali man tayo nang pagpili sa oras ng eleksyon, maitutuwid naman ito ng People Power. Dapat ipangaral na ang Demokrasya ay handog sa mga nagpapahalaga ng boto; kapag hindi binigyan ng tamang pagpapahalaga ito, siguradong darating ang panahon na ang demokrasya ay mapapalitan ng diktadura.

Sa likod ng awtoridad ay responsibilidad. Ang mga magulang, church elders at government officials (elected man o appointed) ay binigyan ni Cristo ng kapangyarihan upang magampanan nila ang mga tungkulin na likas sa kanilang katungkulan. Subalit huwag nating kalimutan na ang sumasakop at sinasakop ay parehong may pananagutan sa Diyos. Ang mga anak sa tahanan, mga believers sa iglesia, at mga mamamayan sa isang bansa ay may responsibilidad na sundin ang mga patakarang itinatalaga ng mga may delegated authority na galing sa Diyos.

Sa demokrasya, tulad dito sa ating bansa, mabigat na responsibilidad ang pagpapahalaga sa boto. Subalit ang paulit-ulit na mapapansin kapag panahon ng eleksyon ay ang pagbili at pagbebenta ng boto. Kung di man binebenta ang boto, ang kandidatong ihahalal ay ang kakilala, ka-probinsiya, sports idol, celebrity, o sinumang sikat na personalidad kahit ang mga ito ay hindi qualified sa tinatakbuhang puesto. Kadalasan pa nga, ang mga hinahalal sa puesto ay nasangkot pa sa eskandalo o sa pagnanakaw sa kaban ng bayan. Ito ay nagpapatunay na walang paggalang ang mga botanteng Pilipino sa mga prinsipyo na nagmula sa bibig ng Panginoong Jesu Cristo na nakalathala sa Bibliya.

Bagamat ang kalagayan ng isang bansa, tulad ng ating bansa, ay tila wala ng pag-asa dahil sa patuloy na pagdausdos sa kabulukan at karimlan, ang mga Cristianong mamamayan dito ay mayroon pa ring magagawa upang mailigtas ang buong bayan sa mga nalalapit na kapahamakan. Ang mga anak ng tunay na Diyos – ang mga tupa ni Cristo - dito sa Pilipinas ay ang ilaw at asin ng lipunan. Ang ilaw ang nagbibigay kaliwanagan sa pag-iisip ng tao, at ang asin ang nakapagpipigil sa kabulukan. Ang mga tunay na Cristiano ay may kapangyarihan sa bagay na ito. Kaya naman, kapag ang mga Cristiano ay nakihalubilo at nakipaghabulan na sa pagpaparami ng pera, wala nang titindig sa gitna ng kasamaan at kabutihan upang mamagitan sa panig ng kapayapaan contra sa kasamaan at upang manguna sa paghingi ng kapatawaran ng kasalanan at pagsusumamo sa kahabagan ng Diyos.

605. Separation

Walang umiiral na awtoridad ang may karapatang ituro na maaaring labagin ang batas ng Diyos. Hindi nararapat turuan ng magulang ang anak na maging kawatan o pulubi. Hindi nararapat turuan ng mga elders ang mga mananampalataya na sumamba sa rebulto. Ang gobyerno ay walang karapatang utusan ang mga Cristiano na magtrabaho kapag Lord's day. Ang tao na inutusan ng isang may kapangyarihan na suwayin ang Diyos ay under obligation na tanggihan ito. Kinakailangang sundin natin ang Diyos at hindi ang tao (Acts 5:29).

Ang tanong ay ito: Ano ang katungkulan ng mga elders at ng gobyerno-sibil?

Ang mga elders ay mayroong tungkulin na magturo, magsanay at maghanda ng mga Cristiano sa kanilang paglilingkod tungo sa pagkakaisa, paglago sa kaalaman at sa pag-unlad ng buong iglesia (Ephesians 4:11-13). Ang mga Cristiano ay dapat turuan, sanayin at ihanda rin sa pagiging asin at ilaw ng sanlibutan (Matthew 5:13-16). May tungkulin ang mga Cristiano na kalingain ang mga nagugutom, nauuhaw, mga homeless, walang kasamahan, may sakit at mga nasa kulungan (Matthew 22:39, 25:34-40).

Mahalaga para sa mga pinuno ng iglesia na maunawaan ang kanilang tungkulin. Ang congregasyon ay hindi nabubuhay upang maisakatuparan ang kanilang vision o mga hangarin gaano man ito karangal. Ang mga elders ay mga lingkod sa congregasyon. Ang Diyos ay may iniatas na gawaing bukod-tangi sa bawa't isa sa kanila. Ang mga elders ay dapat tumulong sa mga believers upang maunawaan nila ang plano ng Diyos para sa kanilang buhay at kung paano nila ito matutupad.

Sa kabilang dako, inatasan ng Diyos ang gobyerno-sibil na ipagtanggol ang buhay at ari-arian ng mga mamamayan. Kaya dapat nilang panatiliin ang kapayapaan at kaayusan sa bansa; pangangalagaan ang kalikasan; ipagtanggol ang karapatan ng mga ordinaryong manggagawa laban sa mga mapag-samantalang negosyante o haciendero. Ang mga pinuno ng bayan ay may tungkuling ipatupad ang batas. Kung ito ay hindi maisasagawa, tiyak na kaguluhan ang maghahari sa bayan. Ang gobyerno ang dapat na magpatupad ng katarungan. Lahat ng pamahalaan ng tao ay itinatag ng Diyos para sa benepisyo ng mga nasa ilalim ng kanilang kapangyarihan, upang sila ay makapamuhay ng mapayapa, marangal at may kabanalan (1 Timothy 2:1-2).

Ang iglesia at gobyerno-sibil ay parehong nasa ilalim ng kapangyarihan ng Panginoong Jesu Cristo. Ang dalawang institusyon na ito ay sadyang pinaghiwalay ng Panginoon at hindi dapat mag-agawan ng awtoridad at magpigilan sa pagpapatupad ng kani-kanilang mga tungkulin.

Discussion questions:

1. Pag-isipan ang iba't-ibang aspeto ng iyong buhay: tahanan, paaralan/trabaho, baranggay, at lipunan. Masasabi mo ba na ang mga bahagi ng buhay mong ito ay kakikitaan ng pagpapasakop kay Cristo? Sa paanong paraan mo nasabi ito?
2. Paano nagkakaroon ng pang-aagaw ng awtoridad sa loob ng tahanan?
3. Maaari din bang magkaroon ng pang-aagaw ng awtoridad sa loob ng simbahan? Ipaliwanag ang iyong sagot.
4. Ngayong nalalapit na ang national election, ano ang iyong magiging basehan sa pagpili sa mga taong iluluklok mo sa ating gobyerno? (name recognition? Kababayan mo siya? Maraming may gusto na mailuklok siya? Etc)

I. Multiple Choice

1. Ang politica ay may kinalaman sa
 - a. Awtoridad, pamamahala
 - b. Pagsasakop, kapangyarihan
 - c. All of the above

2. May dalawang uri ng awtoridad: ang ipinagkaloob na awtoridad at awtoridad na dinaan sa pang-aagaw. Ito ba ay nangyayari pa rin sa ating panahon?
 - a. Yes
 - b. No
3. Sino ang may kapangyarihan sa langit at lupa?
 - a. Lucifer
 - b. Ang tao
 - c. Jesu Cristo
4. Alin sa sumusunod ang hindi matutunghayan sa salaysay ng buhay ni Job?
 - a. Mayroong mga tao na tunay na nagmamahal at nagtitiwala sa Diyos bagamat dumaranas ng paghihirap at pagdurusa.
 - b. Ang lahat ng nangyayari sa buhay natin maganda man o masama ay kaya nating ipaliwanag ang dahilan.
 - c. Ang Panginoong Jesus ang may pinakamataas na kapangyarihan, maging ang diablo ay nakapailalim sa Kanya.
5. Sino ang pinagkalooban ng awtoridad sa loob ng tahanan?
 - a. Mga anak
 - b. Mga magulang
 - c. Kung sino ang nagsusustento sa mga pangangailangan
6. Responsibilidad ng mga magulang ang mga sumusunod maliban sa:
 - a. Palakihin sa disiplina at turo ng Panginoon ang mga anak
 - b. Ituro sa kanila ang kalooban ng Diyos sa kanilang buhay
 - c. Turuan silang mag-survive sa buhay maging tama o mali man ang pamamaraan.
7. Inutusan ng Diyos ang _____ na dapat turuan ang kanilang mga anak sa lahat ng oras o pagkakataon.
 - a. Magulang
 - b. Tatay
 - c. Teachers
8. Nakasulat din na ang mga bata ay dapat sumunod sa mga magulang sapagkat
 - a. Ito ang nararapat at kalugod-lugod sa Diyos.
 - b. Ito ay magbibigay kaluguran sa kanila.
 - c. All of the above
9. Sino ang pinagkalooban ng awtoridad sa loob ng iglesya?
 - a. Mga matatandang miyembro
 - b. Mga elders
 - c. Mga kabataang leaders
10. Alin sa mga sumusunod ang hindi gawain ng elder?
 - a. Magkalinga ng kawan
 - b. Magpakain ng kawan
 - c. Mag-entertain ng mga kawan

11. Ang mga sumusunod na pangungusap ay tama maliban sa
 - a. Noong panahon ni Noah, wala nang ibang iniisip ang mga tao kundi kasamaan lamang.
 - b. Ang gumagawa ng masama ay hindi dapat matakot kahit inarman ang gobyerno upang sila'y parusahan.
 - c. Kailangan nating sundin ang Diyos at hindi ang tao.

12. Sino ang may awtoridad na magpatakbo ng gobyerno-sibil?
 - a. Militar
 - b. Mamamayan
 - c. Government officials

13. Kailan makatarungan ang pagpapatalik ng mga namumuno sa gobyerno?
 - a. Kapag ang batas na pinapatupad ay salungat na sa batas ng Diyos na siyang nagdudulot ng kaguluhan sa bayan.
 - b. Kapag ang mga bilingin at unemployment rate ay patuloy na tumataas.
 - c. Kapag ang nananalo sa eleksyon ay hindi karapat-dapat base sa survey.

14. Ang mga sumusunod ay mga katungkulan ng mga elders maliban sa:
 - a. Turuan, sanayin at ihanda ang mga Cristiano sa pagiging asin at ilaw ng sanlibutan.
 - b. Ipatupad ang katarungan.
 - c. Tulungan ang mga believers na maunawaan ang plano ng Diyos sa kanilang buhay.

15. Alin sa mga sumusunod ang hindi katungkulan ng gobyerno-sibil?
 - a. Kalingahin ang mga nagugutom, nauuhaw at mga homeless.
 - b. Ipagtanggol ang buhay at ari-arian ng mga mamamayan.
 - c. Ipatupad ang batas.

II. Essay: (At least 250 words)

Compose one (1) short devotion or essay: Ano ang pinaka-mahalagang bahagi ng pananaw sa buhay ang dapat baguhin ng ating mga kababayan?

Note:

1. *Ang essay ay maaaring isulat sa English, Tagalog or Taglish.*
2. *Ang essay ay isa-submit din sa iyong Pastor.*